

Mga Pnakahuling Hakbang para sa COVID-19

Ika-14 ng Enero

Noong ika-7 at 13 ng Enero, ang pambansang pamunuan para sa pagtugon sa COVID-19 ay binago ang pangunahing pagtugon sa pagkalatat ng impeksyon at nag-deklara ng state of emergency sa Tokyo, Kanagawa, Aichi, Osaka at 11 pang probinsya. Ang Shizuoka ay nakaranas din ng pagtaas ng bilang ng kaso lalo na sa Tōbu o silangang bahagi ng lalawigan. Nakumpirma na karamihan sa pagkalata ng impeksyon ay naganap sa pamamagitan ng pag-uusap na walang suot na mask sa mga restoran at silid pahingahan.

Upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, siguraduhin natin na ipatupad ang mga sumusunod na hakbang.

Panahon ng Pagpapatupad

Enero 14 (Huwebes) – Perbrero 7 (Linggo) 2021

- 1 Paghihigpit sa pagpunta sa labas ng lalawigan
Huwag magtungo sa ibang lalawigan.
Huwag bumisita sa Shizuoka kung manggagaling sa ibang lalawigan.
- 2 Panawagan na huwag lumabas ng bahay
Hangga't maaari bawasan ang mga hindi mahalagang pag-alis ng bahay maliban na lamang kung kinakailangan ito sa pang-araw araw na pamumuhay tulad ng pagpasok sa trabaho, pagbili ng pagkain, pagpunta sa ospital o pagpasok sa eskwelahan.
- 3 Lubos na ipatupad ang mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon tulad ng pagsusuot ng mask
Para hindi mahawaan o hindi makahawa, lubos na ipatupad ang pagsusuot ng mask.
- 4 Lubos na ipatupad ang mga hakbang para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon sa mga restoran at inuman
Huwag mag-usap habang kumakain.
Siguraduhin na may suot na mask kapag mag-uusap.
Kumain lamang sa labas na kasama ang pamilya o mga madalas na kahalubilo na mga tao.

- 5 Hakbang para maiwasan ang impeksyon sa bahay
Huwag dalhin ang mikrobyo o hawaan ang pamilya o mga kasama sa bahay.
Ugaliing maghugas ng kamay at magmumog, pahanginan ng maigi ang loob ng bahay at panatilihin ang kalinisan sa loob nito.
- 6 Huwag nating siraan o saktan ang damdamin ng mga nahawaan ng COVID-19 at mga nagtratrabaho sa mga pagamutan.